HIPAA POLICY

EFFECTIVE: 4/14/2003
REV: N/A

# NOTICE OF PRIVACY PRACTICES

## INILALARAWAN SA ABISONG ITO ANG KUNG PAANO MAAARING MAGAMIT O MAISIWALAT ANG MEDIKAL NA IMPORMASYONG TUNGKOL SA IYO AT KUNG PAANO MO MAA-ACCESS ANG IMPORMASYONG ITO. MANGYARING BASAHIN ITO NANG MABUTI.

Kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa Abisong ito, maaari kang makipag-ugnay sa taong nangangasiwa sa iyong paggagamot, ang liaison (pag-uugnayan) para sa Health Insurance Portability and Accountability Act ("HIPAA," Batas sa Pagkakaroon ng Segurong Pangkalusugan at Pananagutan) para sa departamento kung saan ginagamit mo ang mga serbisyo, o makipag-ugnay sa:

Solano County HIPAA Privacy Officer
675 Texas Street
Fairfield, CA 94533
(707) 784-3199

Ang iyong medikal na impormasyon ay personal, at kami sa County ng Solano ay nakatuon sa pagprotekta nito. Ang iyong medikal na impormasyon ay napakahalaga rin para sa aming kakayahang pagkalooban ka ng may kalidad na pangangalaga, at sumunod sa ilang batas. Inilalarawan sa Abisong ito ang mga gawain sa pagkapribado na iniaatas sa amin at sa aming mga kaakibat sa gawain na sundin kaugnay ng iyong medikal na impormasyon at ibinabalangkas ang mga limitasyon sa kung paano pangangasiwaan ng County ang iyong medikal na impormasyon. Sa ilang mga kaso, maaaring mas may restriksyon ang batas ng California pagdating sa iyong mga karapatan at responsibilidad kaysa sa HIPAA, na sa ganitong kaso mananaig ang batas ng California. Nililimitahan ng ibang mga pederal na batas at batas ng estado ang pamamahagi ng impormasyon. Halimawa, may mga espesyal na batas na pumuprotekta sa impormasyon tungkol sa katayuan ng pagkakaroon ng HIV/AIDS, pangangalaga ng kalusugan ng pag-iisip, mga kapansanan sa paglaki, at pangangalaga sa nang-abuso ng droga at alkohol. Susundin namin ang mga batas na ito.

**Inaatasan Kami ng Batas na**: Panatilihing pribado ang iyong medikal na impormasyon, kilala rin bilang "protected health information" ("protektahong impormasyong pangkalusugan"), o "PHI," ibigay sa iyo ang Abisong ito na tungkol sa aming mga tungkulin sa batas at mga gawain sa pagkapribado kaugnay ng iyong PHI at sumunod sa Abisong ito. Sa ilalim ng pederal na batas, dapat magkaloob ang County ng kopya ng Abisong ito kapag tatanggap ka ng pangangalagang pagkalusugan at mga kaugnay na serbisyong mula sa County, o makikibahagi sa ilang planong pangkalusugang pinangangasiwaan o pinatatakbo ng County.

## MGA PAGBABAGO SA ABISONG ITO

Pinananatili namin ang karapatang baguhin o palitan ang mga tuntunin sa Abisong ito, at iangkop ang mga pagbabagong ito sa iyong PHI. May karapatan kang maabisuhan ng tungkol sa anumang mga pagbabago sa Abisong ito at makatanggap ng kopya ng mga pagbabagong iyon sa paraang nakasulat. Upang makakuha ng kopya ng Abisong ito sa oras na mabago ito, maaari mong tanungin ang iyong provider (tagapagkaloob) ng pangangalagang pangkalusugan (halimbawa, ang iyong doktor) o sinumang staff ng County ng Solano, o pumunta sa aming Website sa http://www.solanocounty.com.

## PAANO NAMIN MAAARING MAGAMIT O MAISIWALAT ANG IYONG PHI

**Para sa Paggagamot**: Lumilikha kami ng rekord ng paggagamot at mga serbisyong tinatanggap mo sa aming mga pasilidad at programa. Kailangan namin ang rekord na ito upang magkaloob sa iyo ng may kalidad na pangangalaga at upang sumunod sa ilang legal na iniaatas.

Maaaring isiwalat ng iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan ang iyong PHI sa ibang mga doktor, therapist, nurse, estudyanteng nagsasanay, o ibang tauhang nakikibahagi sa pangangalaga sa iyo. Halimbawa, maaaring kailanganin ng isang doktor na gumagamot sa iyo para sa depresyon kung may mga problema ka sa puso dahil ang ilang gamot sa depresyon ay nagpapababa sa presyon ng dugo. Maaaring ibahagi ng provider ng pangangalagang pangkalusugan ang iyong PHI upang pag-ugnay-ugnayin ang iba't ibang bagay na kailangan mo, gaya ng mga inirereseta ng gamot, regular na pagsisiyasat sa presyon ng dugo, pagsusuri sa laboratoryo o isang EKG.

Maaari rin naming isiwalat ang PHI sa mga tao sa labas ng ahensyang ito na maaaring kabahagi ng iyong paggagamot kapag wala ka sa isa sa aming mga pasilidad, klinika o programa para sa pag-uugnay at pamamahala ng iyong pangangalagang pangkalusugan.

Maaari naming gamitin at isiwalat ang iyong PHI upang makipag-ugnay sa iyo. Halimbawa, maaari ka naming padalhan ng paalalang may appointment ka para sa paggagamot. May karapatan kang ipaalam sa amin kung paano mo ninanais na makipag-ugnay sa iyo ang County ng Solano (may ibibigay sa iyong form kapag hiniling para sa layuning ito).

Maaari naming gamitin at isiwalat ang iyong PHI upang magrekomenda ng mga posibleng opsyon o alternatibo sa paggagamot na maaaring maging interesado ka. Dagdag dito, maaari naming gamitin at isiwalat ang PHI upang ipaalam sa iyo ang tungkol sa iyong mga benepisyo at serbisyong may kinalaman sa kalusugan na maaaring maging interesado ka (halimbawa, pagiging karapat-dapat sa Medi-Cal o mga benepisyo sa Social Security.) May karapatan kang tanggihan ang impormasyong ito.

**Para sa Kabayaran**: Ginagamit at isinisiwalat namin ang iyong PHI upang mabayaran para sa paggagamot at mga serbisyong ipinagkaloob namin sa iyo. Halimbawa, maaari naming isiwalat ang PHI upang mabawi ang mga kabayaran mula sa Medi-Cal, Medicare, o mga pribadong kumpanya ng insurance.

**Para sa mga Pagpapatakbo sa Pangangalagang Pangkalusugan**: Maaari naming gamitin at isiwalat ang iyong PHI upang patakbuhin ang aming mga pasilidad, klinika at programa, at upang tugunan ang ilang regulasyon ng estado at pederal na regulasyon. Halimbawa, maaari naming gamitin ang iyong PHI upang pag-aralan ang aming paggagamot at mga serbisyo at upang tasahin ang pagganap ng aming staff pagdating sa pangangalaga sa iyo.

**Para sa Pangangasiwa ng Planong Pangkalusugan**: Bilang tagapangasiwa ng ilang planong pangkalusugan, halimbawa, ang Medi-Cal, maaaring isiwalat ng County ang limitadong impormasyon sa mga isponsor ng plano. Pinahihintulutan lamang ng batas ang paggamit ng naturang impormasyon para sa mga layuning gaya ng pagiging karapat-dapat sa plano at pag-enrol, pangangasiwa ng mga banepisyo at pagbabayad sa mga

gastusin sa pangangalagang pangkalusugan. Partikular na ipinagbabawal ng batas ang paggamit para sa mga aksyon o desisyong nauugnay sa trabaho.

## MGA PAGGAMIT AT PAGSISIWALAT NG PHI NA NAGBIBIGAY SA IYO NG PAGKAKATAONG TUMUTOL

Maliban kung tumututol ka, maaari naming isiwalat ang iyong PHI sa isang kaibigan o miyembro ng pamilya, iyong magulang o sinumang iba pang taong tinukoy mong kabahagi ng iyong pangangalagang pangkalusugan o sa pagbabayad ng iyong pangangalagang pangkalusugan. Dapat nasa paraang nakasulat ang iyong pagtutol (may ibibigay sa iyong form kapag hiniling para sa layuning ito). Hindi namin susundin ang pagtutol sa mga kalagayang kung saan ang paggawa nito ay maghahantad sa iyo o sa ibang tao sa kapahamakan, gaya ng napagpasyahan ng iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan, o kung saan sa ibang paraan ay inaatasan kami ng batas na isiwalat ang iyong PHI.

Sakaling may sakuna, maaari naming isiwalat ang iyong PHI sa isang ahensyang tumutulong sa panahon ng sakuna gaya ng Red Cross, nang sa gayon ay maaabisuhan ang iyong pamilya tungkol sa iyong kondisyon, katayuan at lokasyon.

## MGA PAGGAMIT AT PAGSISIWALAT NA HINDI INIAATAS ANG IYONG AWTORISASYON

**Pananaliksik**: Maaari naming isiwalat ang iyong PHI sa mga medikal na mananaliksik na humihiling nito para sa mga inaprubahang proyektong medikal na pananaliksik; ngunit, sa mga napakalimitadong eksepsyon dapat mapahintulutan ang mga naturang pagsisiwalat sa pamamagitan ng isang espesyal na proseso ng pag-apruba bago maisiwalat ang anumang PHI sa mga mananaliksik, na aatasang protektahan ang PHI na kanilang natanggap.

**Gaya ng Iniaatas ng Batas**: Isisiwalat namin ang iyong PHI kapag inaatasang gawin ito ng pederal na batas o batas ng estado.

**Upang Maiwasan ang Seryosong Banta sa Kalusugan o Kaligtasan**: Maaari naming gamitin at isiwalat ang iyong PHI kapag kailangan upang maiwasan ang seryosong banta sa iyong kalusugan at kaligtasan o kalusugan at kaligtasan ng publiko o ng ibang tao.

**Militar at mga Beterano**: Maaari naming isiwalat ang iyong PHI para sa mga aktibidad na pangmilitar o pangbeterano.

**Pag-uulat ng Pang-aabuso, Pagpapabaya o Karahasan sa Tahanan**: Maaari naming isiwalat ang PHI sa isang awtoridad ng gobyerno, kapag naniniwala kaming ang indibidwal ay isang biktima ng pang-aabuso, pagpapabaya, o karahasan sa tahanan.

**Workers' Compensation**: Maaaring isiwalat ang iyong PHI para sa workers' compensation (kompensasyon ng mga manggagawa) o mga kahalintulad na programa. Ang mga programang ito ay nagkakaloob ng mga benepisyong para sa mga kapinsalaan o sakit na may kaugnayan sa trabaho.

**Mga Aktibidad na may Kaugnayan sa Pampublikong Kalusugan**: Maaari naming isiwalat ang iyong PHI para sa mga aktibidad na may kaugnayan sa pampublikong kalusugan, gaya ng mga nakatuon sa pag-iwas o pagkontrol ng sakit, pag-iwas sa pinsala o kapansanan, at pag-uulat ng pang-aabuso o pagpapabaya sa mga bata, matatanda at dumedependeng adulto.

**Mga Aktibidad na may Kaugnayan sa Pangangasiwa ng Kalusugan**: Maaari naming isiwalat ang iyong PHI sa isang ahensyang nangangasiwa ng kalusugan para sa mga aktibidad na inawtorisahan ng batas. Ang mga aktibidad ng pangangasiwa na ito ay kailangan para masubaybayan ng gobyerno ang sistemang pangangalagang pangkalusugan, programa ng gobyerno, at pagsunod sa batas sa mga karapatang sibil.

**Mga Pumanaw**. Maaaring isiwalat ang PHI sa mga direktor ng libing o koroner upang mapahintulutan silang isagawa ang kanilang mga tungkuling naaayon sa batas.

**Donasyon ng Organ/Tissue**: Maaaring magamit o maisiwalat ang iyong PHI para sa mga layunin ng pagbibigay ng organ, mata o tissue ng katawan.

**Mga Pagsasampa ng Kaso at Hindi Pagkakasundo**: Kung kasangkot ka sa isang kaso o hindi pagkakasundo, maaari naming isiwalat ang iyong PHI bilang pagtugon sa utos ng korte o administratibong utos. Maaari rin naming isiwalat ang iyong PHI bilang pagtugon sa isang subpena, kahilingan ng pagtuklas, o iba pang prosesong naaayon sa batas.

**Tagapagpatupad ng Batas**: Maaari naming isiwalat ang iyong PHI kung hinilingang gawin ito ng mga opisyal ng pagpapatupad ng batas, kabilang ang mga sumusunod na kalagayan:

a. Bilang pagtugon sa utos ng korte, subpoena, warrant, mga summon, o kahalintulad na proseso;
b. Upang matukoy o mahanap ang pinaghihinalaang may sala, pugante, materyal na saksi o nawawalang tao;
c. Kung ang PHI ay may kaugnayan sa biktima ng krimen kung, sa ilalim ng ilang limitadong kalagayan ay hindi namin makuha ang pagsang-ayon sa pagsisiwalat;
d. Kung ang PHI ay may kaugnayan sa pagkamatay na pinaniniwalaan naming maaaring resulta ng kriminal na gawain;
e. Kung ang PHI ay may kaugnayan sa kriminal na gawain sa alinman sa aming mga pasilidad o programa; o
f. Sa mga kalagayang pang-emerhensya upang iulat ang isang krimen, lokasyon ng krimen, ang pagkakakilanlan ng (mga) biktima, paglalarawan o lokasyon ng taong gumawa ng krimen.

**Mga Espesyalisadong Pagganap ng Gobyerno**: Sa panahon ng mga aktibidad ng Pambansang Seguridad at Intelihensya, maaari naming isiwalat ang iyong PHI upang awtorisahan ang mga opisyal ng gobyerno para sa mga aktibidad na pang-intelihensya at iba pang aktibidad na para sa pambansang seguridad na inaawtorisahan ng batas. Halimbawa, maaari naming isiwalat ang iyong PHI sa mga awtorisadong pederal na opisyal na gumagawa ng mga desisyon tungkol sa iyong pagiging karapat-dapat para sa security clearance o serbisyo sa ibang bansa.

**Mga Bilanggo sa mga Koreksyonal na Institusyon**: Kung ikaw ay isang bilanggo sa isang koreksyonal na institusyon, nawawalan ka ng mga karapatang nakabalangkas sa Abisong ito. Dagdag dito, kung ikaw ay isang bilanggo o nasa legal na kustodya ng opisyal ng pagpapatupad ng batas, maaari naming isiwalat ang iyong PHI sa isang opisyal ng pagpapatupad ng batas.

**Mga Pampublikong Benepisyo**: Maaari rin naming gamitin o isiwalat ang PHI bilang bahagi ng mga programa ng Gobyernong nagkakaloob ng mga pampublikong benepisyo.

## IBA PANG MGA PAGGAMIT NG IYONG PROTEKTADONG IMPORMASYON SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN

Ang iba pang mga paggamit at pagsisiwalat ng iyong PHI na hindi sakop ng Abisong ito o ng mga batas na naaangkop sa amin ay isasagawa lamang na may nakasulat na awtorisasyon mula sa iyo. Kung bibigyan mo kami ng awtorisasyon upang gamitin o isiwalat ang iyong PHI, maaari mong bawiin ang awtorisasyong iyon, sa paraang nakasulat, sa anumang oras. Halimbawa, maaaring hilingin sa iyo ang iyong awtorisasyong makibahagi sa klinikal na pagsubok ng isang bagong gamot. Kung babawiin mo ang awtorisasyon, hindi na namin gagamitin o isisiwalat ang iyong PHI para sa mga dahilang sakop ng awtorisasyon, maliban kung hindi na namin maiuurong ang anumang mga pagsisiwalat na isinagawa na namin noong may bisa ang awtorisasyon, at inaatasan kaming panatilihin ang aming mga rekord ng pangangalagang ipinagkaloob namin sa iyo.

**Pinakakaunting Kinakailangang Pagsisiwalat:** Maliban kung para sa mga layunin ng paggagamot, gaya ng iniaatas ng batas, o kapag iniaatas ng Kalihim ng Kagawaran ng mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ng Estados Unidos na imbestigahan ang pagsunod sa mga paggamit o pagsisiwalat ng PHI, gagamitin at isisiwalat lamang namin ang pinakakaunting impormasyong kailangan upang maisakatuparan ang partikular na layuning iyon para kung saan isinasagawa ang paggamit o pagsisiwalat.

## ANG IYONG MGA KARAPATAN TUNGKOL SA MEDIKAL NA IMPORMASYONG TUNGKOL SA IYO

**Karapatang Magsiyasat at Kumuha ng Kopya:** Sa ilang eksepsyon, may karapatan kang makita at humiling ng kopya ng iyong protektadong impormasyong pangkalusugan mula sa aming mga rekord. Upang magsiyasat at humiling ng kopya ng iyong PHI, dapat kang magsumite ng isang kahilingan sa paraang nakasulat sa iyong case manager (tagapamahala ng kaso) o sa taong nangangasiwa sa iyong paggagamot. (May ibibigay na form kapag hiniling mo) Kung humiling ka ng kopya ng iyong PHI, maaari kaming magpataw ng singil para sa gastos sa pagpapakopya, pagpapadala sa koreo o iba pang mga supply na nauugnay sa iyong kahilingan. Ang singil para sa mga kopya ng iyong mga rekord at $0.25 kada pahina.

Karapat-dapat ka sa isang libreng kopya ng nauukol na bahagi ng iyong mga rekord na kailangan upang iapela ang pagiging karapat-dapat para sa mga benepisyo ng Medi-Cal, social security disability insurance (seguro sa kapansanan ng social security) o Supplemental Security Income/State Supplementary Program (SSI/SSP, Karagdagang Kitang Panseguridad/Karagdagang Programa ng Estado) para sa Matatanda, Hindi Nakakakita at May Kapansanan. Ang "nauukol na bahagi" ay nangangahulugang mga rekord tungkol sa mga serbisyong ipinagkakaloob mula sa panahong nag-apply ka para sa mga benepisyo hanggang sa pagtanggi ng mga benepisyo.

Maaari naming tanggihan ang iyong kahilingang magsiyasat o kumuha ng kopya sa mga bahagi ng iyong PHI. Kung tinanggihan ka ng karapatang siyasatin o kumuha ng kopya ng buo mong PHI sa aming mga rekord, maaari mong iapela ang desisyong ito at humiling iba pang lisensyadong propesyonal ng pangangalagang pangkalusugan sa loob ng County ng Solano, na hindi kabahagi sa iyong paggagamot, na pag-aralan ang pagtanggi o maaari kang humiling na iba pang lisensyadong propesyonal ng pangangalagang pangkalusugan na iyong pipiliin na pag-aralan ang pagtanggi at ang iyong apela. (May ibibigay sa iyong form para sa kahilingang ito.)

**Karapatang Humiling ng Pagbabago**: Kung sa tingin mo ay hindi tama o hindi kumpleto ang iyong PHI sa aming mga rekord, maaari mong hilingin sa aming baguhin ang impormasyon. Kayo ay may karapatang humiling ng pagbabago hangga't pinananatili namin ang impormasyon. Upang humiling ng pagbabago, dapat kang magsumite ng isang kahilingan sa paraang nakasulat sa liaison ng HIPAA para sa departamentong nagkakaloob sa iyo ng serbisyo, o sa taong nangangasiwa sa iyong paggagamot. Dagdag dito, dapat mong ipaalam sa amin ang dahilan para sa pagbabago, at sa kung aling pasilidad, klinika o programa ng County kung saan nais mong iangkop ang iyong kahilingan. Ang iyong kahilingan ay maging bahagi ng iyong rekord. (May ibibigay sa iyong form at listahan ng mga pasilidad, klinika at programa kapag hiniling para sa layuning ito.) Dagdag dito, maaari naming tanggihan ang iyong kahilingan kung hiniling mo sa aming baguhin ang impormasyong hindi namin nilikha, o bahagi ng impormasyong hindi ka pinahintulutang siyasatin at kopyahin, o itinuturing na hindi tumpak at kumpleto ng iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan.

**Karapatan sa Paglalahad ng mga Isiniwalat**: Sa eksepsyon ng mga pagsisiwalat na isinagawa para magamit namin para sa mga layunin ng paggagamot, pagbabayad at mga pagpapatakbo sa pangangalagang pangkalusugan, at ilang iba pang pagsisiwalat na may iksemsyon, may karapatan kang humiling ng listahan ng mga pagsisiwalat sa iyong PHI na aming isinagawa. Upang hilingin ang listahang ito, dapat mong isumite ang iyong kahilingan sa paraang nakasulat sa taong nangangasiwa sa iyong paggagamot. (May ibibigay sa iyong form kapag hiniling para sa layuning ito.)

Dapat ipahayag sa iyong kahilingan ang haba ng panahong hindi hihigit sa anim na taon at hindi maaaring kabilangan ng mga petsa bago ang Abril 14, 2003. Dapat nakasaad sa iyong kahilingan ang kung paano mo ninanais na matanggap ang listahang ito (halimbawa, sa papel o elektronikong paraan.) Ang unang listahang iyong hiniling sa loob ng panahon ng 12 buwan ay magiging libre. Para sa mga karagdagang listahan, maaari ka naming singilin para sa mga gastos sa pagbibigay ng listahan. Ipapaalam namin sa iyo ang gastos kaugnay rito at maaari mong piliing iurong o baguhin ang iyong kahilingan sa panahong iyon bago maipon anumang mga gastos.

**Karapatang Bawiin ang Awtorisasyon para sa mga Paggamit at Pagsisiwalat**: Maliban kung sa ibang paraan ay pinahihintulutan ng batas, hindi namin maaaring gamitin o isiwalat ang iyong PHI nang wala ang iyong legal na balidong awtorisasyon. Hindi namin maaaring ikondisyon ang paggagamot, pagbabayad, pag-e-enrol sa isang planong pangkalusugan, o pagiging karapat-dapat para sa mga benepisyo sa kondisyong ikaw ang pumipirma sa Form ng Awtorisasyon. Kung pipirmahan mo ang Form ng Awtorisasyon, maaari mong bawiin ito sa paraang nakasulat sa anumang oras.

**Karapatang Humiling ng mga Restriksyon**: May karapatan kang humiling na sundin namin ang mga karagdagan, espesyal na restriksyon kapag ginagamit o isinisiwalat ang iyong PHI. Hindi kami inaatasang sumang-ayon sa iyong kahilingan. Kung sumasang-ayon kami, susundin namin ang iyong kahilingan maliban kung kailangan ang impormasyon upang pagkalooban ka ng pang-emerhensyang paggagamot gaya ng tinukoy ng iyong doktor o ang ibang mga kalagayan ay nag-aatas ng pagsisiwalat sa halip na sa iyong pagtutol. Upang humiling ng mga restriksyon, dapat mong gawin ang iyong kahilingan sa paraang nakasulat sa taong nangangasiwa sa iyong paggagamot. Sa iyong kahilingan, dapat mong ipaalam sa amin kung anong impormasyon ang nais mong malimitahan, ang uri ng limitasyon, at kung kanino mo nais iangkop ang mga limitasyon: halimbawa, mga pagsisiwalat sa asawa. (May ibibigay sa iyong form kapag hiniling para sa layuning ito.)

**Karapatang Hilingin ang mga Kumpidensyal na Komunikasyon**: May karapatan kang humiling na ipaalam namin sa iyo ang tungkol sa mga appointment o iba pang bagay na may kaugnayan sa iyong paggagamot sa espesipikong paraan o sa espesipikong lokasyon. Halimbawa, maaari mong hilinging maaari lamang kaming makipag-ugnay sa iyo sa trabaho o sa pamamagitan ng koreo. Upang humiling ng mga kumpidensyal na komunikasyon, dapat mong gawin ang iyong kahilingan sa paraang nakasulat sa taong nangangasiwa sa iyong paggagamot. (May ibibigay sa iyong form kapag hiniling para sa layuning ito.) Dapat tukuyin sa iyong kahilingan kung paano o kung saan ninanais mong makipag-ugnay sa iyo. Tatanggapin namin ang lahat ng makatwirang kahilingan.

**Karapatan sa Papel na Kopya ng Abisong Ito**: Maaari kang humiling sa amin ng kopya ng Abisong ito sa anumang oras. Kahit na sumang-ayon kang tanggapin ang Abisong ito sa elektronikong paraan, karapat-dapat kang tumanggap ng papel na kopya ng Abisong ito. Upang makakuha ng papel na kopya ng Abisong ito, makipag-ugnay sa Privacy Officer (Opisyal sa Pagkapribado) ng County ng Solano, sa (707) 784-2962. Maaari ka ring kumuha ng kopya ng Abisong ito sa aming website, http://www.solanocounty.com.

**Mga Reklamo**: May karapatan kang maghain ng reklamo kung naniniwala kang nilabag ang iyong mga karapatan sa pagkapribado. Walang aksyon ang dapat isagawa laban sa iyo dahil sa paghahain ng reklamo. Kung naniniwala kang nilabag ang iyong mga karapatan sa pagkapribado, maaari kang maghain ng reklamo sa amin o sa pederal na gobyerno. Upang maghain ng reklamo sa amin, o kung mayroon kang anumang mga komento o katanungan tungkol sa aming mga gawain sa pagkapribado, maaari kang makipag-ugnay sa liaison ng departamento sa HIPAA para sa departamento ng County ng Solano kaugnay ng iyong reklamo o maaari kang makipag-ugnay sa HIPAA Privacy Officer ng County ng Solano sa:

Solano County HIPAA Privacy Officer
675 Texas Street
Fairfield, CA 94533
(707) 784-3199

Maaari ka ring maghain ng reklamo sa Pederal na Gobyerno sa:

Region IX, Office for Civil Rights
U.S. Department of Health & Human Services
50 United Nations Plaza, Room 322
San Francisco, CA 94102 (415) 437-8310

***Nirebisa 060904***
***Nirebisa 030905***
***Nirebisa 121205***